CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES
(MGA SENTRO PARA SA MGA SERBISYO NG MEDICARE AT MEDICAID)

# Mga Maikling Impormasyon tungkol sa Bagong Coverage ng Medicare para sa De-Resetang Gamot para sa mga taong kaunti lamang ang kinikita at mga pag-aari

Simula sa ika-1 ng Enero 2006, ang Medicare ay mag-aalok ng coverage para sa de-resetang gamot para sa lahat ng mga taong may Medicare. Kung mayroon kang Medicare at kaunti lamang ang iyong kinikita at mga pag-aari, maaaring kwalipikado ka para sa karagdagang tulong sa pagbayad ng mga de-resetang gamot.

## Ano ang kailangan kong malaman?

- Kung ang iyong taunang **kinikita** ay mas mababa sa $14,355 para sa táong wala pang asawa (o $19,245 kung ikaw ay may asawa at nakatira kasama ng iyong asawa), maaaring kwalipikado ka para sa karagdagang tulong. Maaaring umaplay ang mga mas mataas nang kaunti na mga antas ng kinikita kung ikaw ay nagbibigay ng 1/2 suporta sa ibang mga kapamilyang naninirahan kasama mo, o kung ikaw ay nagtratrabaho o nakatira sa Alaska at Hawaii.
- At kung ang iyong **mga pag-aari** (kabilang ang iyong savings at stocks, ngunit hindi kabilang ang iyong tahanan o kotse) ay mas mababa sa $11,500 (para sa isang táong wala pang asawa) o mas mababa sa $23,000 (para sa mag-asawa), maaaring kwalipikado ka para sa karagdagang tulong sa pagbayad ng iyong mga Medicare na gastos sa de-resetang gamot.
- Maaari kang mag-aplay para sa karagdagang tulong na ito sa Social Security Administration o sa iyong State Medical Assistance Office. Ipapadala ng Social Security ang aplikasyon para sa karagdagang tulong sa mga taong maaaring kwalipikado. Kung makatanggap ka ng aplikasyon, kumpletohin at ibalik ito sa nakalakip na sobre na mayroon ng selyo.
- Ang halaga ng karagdagang tulong na matatanggap mo ay mababatay sa iyong kinikita at mga pag-aari.
- Kailangan mo pa rin sumali sa isang plano ng Medicare para sa de-resetang gamot upang bayaran ng Medicare ang iyong mga gastos sa gamot.
- Maaari kang sumali sa isang plano ng Medicare para sa de-resetang gamot mula ika-15 ng Nobyembre 2005 hanggang ika-15 ng Mayo 2006. Kung sumali ka bago lumipas ang ika-31 ng Disyembre 2005, ang iyong coverage ay magsisimula sa ika-1 ng Enero 2006. Kung sumali ka pagkatapos ng ika-1 ng Enero 2006, ang iyong coverage ay magsisimula sa unang araw ng buwan pagkatapos ng buwan ng iyong pagsali.
- Kung ikaw ay kwalipikado para sa karagdagang tulong, magkakaroon ka ng walang-hintong coverage para sa gamot at kaunti lamang ang babayaran mo para sa iyong mga de-resetang gamot.

## Paano ako kukuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung sino ang makakakuha ng karagdagang tulong sa mga gastos sa de-resetang gamot at kung paano mag-aplay, tawagan ang Social Security Administration sa 1-800-772-1213, o bisitahin ang www.socialsecurity.gov sa web. Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-800-325-0778.

Tatanggap ka sa Oktubre 2005 ng detalyadong impormasyon mula sa Medicare tungkol sa iyong pagpipiliang mga plano ng Medicare para sa de-resetang gamot. Maaari mong tingnan ang handbook na "Medicare & You 2006" ("Ang Medicare at Ikaw 2006"), bisitahin ang www.medicare.gov sa web o tawagan ang 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-877-486-2048.

CMS Pub. No. 11105-T
May 2005